

Distrito ng Paaralan ng Central Kitsap

# Pagpapalit ng Levy para sa Suporta sa Paaralan

Sa Martes, Abril 23, 2024, hihilingin sa mga botante ng Distrito ng Paaralan ng Central Kitsap na bumoto sa pagpapalit ng levy para sa suporta sa paaralan para makatulong na pondohan ang mga programang pang-edukasyon at operasyon ng distrito ng paaralan.

Malapit nang magwakas ang aming kasalukuyang levy para sa suporta sa paaralan. Tandaang bumoto bago mag Abril 23, 2024.

## Pagsusuri sa pagpopondo ng paaralan

### Mga pondo ng estado at pederal na pamahalaan

Mula sa estado at pederal na pamahalaan ang karamihan ng aming pagpopondo.

90% - Mga pondo ng estado at pederal na pamahalaan: Mula sa estado at pederal na pamahalaan ang karamihan ng aming pagpopondo.

10% - Mga lokal na pondo: Ginagamit namin ang mga lokal na levy dollar para lagpasan ang pangunahing edukasyon.

### Ano ang levy para sa suporta sa paaralan?

Ang levy ay buwis sa ari-arian na ipinasa ng mga botante. Halos 30 taon na kaming may nakalaang levy. Nagpapahintulot sa amin ang suportang ito na mag-alok ng mga programa at aktibidad na hindi ganap na pinopondohan ng estado.

Hindi saklaw ng pagpopondo ng estado ang lahat ng ibinibigay namin. Ang levy ay tulay sa mga pagkukulang.

<b>Pagpopondo ng Estado</b>	<b>Pagpopondo ng Levy</b>
<b>Mga Suporta para sa Mag-aaral:</b> Pinopondohan ng estado ang 470 guro at 65 sumusuportang propesyonal para sa mga	Pinopondohan ng levy ang 128 karagdagang posisyon ng tauhan sa mga paaralan.

programa at serbisyong sumusuporta sa mga mag-aaral.	
<b>Mga Suporta para sa Mag-aaral:</b> Pinopondohan ng estado ang 85% ng aming mga gastos sa transportasyon.	Pinopondohan ng levy ang 15% ng aming mga gastos sa transportasyon.
<b>Mga Suporta para sa Mag-aaral:</b> Pinopondohan ng estado ang 28% ng aming mga katayuan sa teknolohiya at 0% ng Mga Chromebook para sa bawat mag-aaral.	Pinopondohan ng levy ang 72% ng mga tauhan ng teknolohiya at 100% ng Mga Chromebook.
<b>Mga Suporta para sa Mag-aaral:</b> Pinopondohan ng estado ang 43 pisikal, panlipunan, at emosyonal na tauhan ng suporta.	Pinopondohan ng levy ang 18 karagdagang posisyon ng tauhan.
<b>Kaligtasan:</b> Pinopondohan ng estado ang 2 posisyon sa pangkaligtasan at panseguridad at 59 na tauhan sa lugar, pagpapanatili, at kustodiya.	Pinopondohan ng levy ang 15 tauhan sa pangkaligtasan, 3 opisyal ng mapagkukunan ng paaralan, at 24 na tauhan ng operasyon.
<b>Espesyal na Edukasyon:</b> Sinasaklaw ng mga pondo ng estado + pederal ang 83% ng aming mga gastos sa espesyal na edukasyon.	Pinopondohan ng levy ang 17% ng mga gastos sa espesyal na edukasyon.
<b>Mga Palakasan at Aktibidad:</b> Pinopondohan ng estado ang 0% ng mga aktibidad sa sining, athletics, club, drama, at musika na inaalok sa mga araw na walang pasok sa paaralan.	Pinopondohan ng levy ang 100% ng mga palakasan at aktibidad na ito.

## Paano gagastusin ang mga levy dollar?

Tinutulungan kami ng levy na magbigay ng mga programa at aktibidad na hindi ganap na pinondohan ng estado sa mga bahaging ito:

### 50% Mga Suporta para sa Mag-aaral

Mga guro at sumusuportang propesyonal na higit sa kung ano ang pinopondohan ng estado, na tumutulong sa amin na suportahan ang mga pang-araw-araw na operasyon.

## 10% Kaligtasan

Mga kawani sa kaligtasan at seguridad, pati na rin ang mga tauhan sa lugar, pagpapanatili, at kustodiya.

## 20% Mga Palakasan at Aktibidad

Mga aktibidad sa sining, athletics, club, drama, at musika na iniaalok sa mga araw na walang pasok sa paaralan.

## 20% Espesyal na Edukasyon

Pagtatalaga ng tauhan at suporta para matugunan ang mga kinakailangan sa serbisyo para sa aming mga mag-aaral sa espesyal na edukasyon.

## Epekto ng kabiguan sa levy

Nasa panganib para sa pagbabawas ang mga sumusunod na bahagi:

## Mga Suporta para sa Mag-aaral

Pagbabawas ng  $\approx 128$  posisyon ng mga tauhan sa mga paaralan. Kabilang dito ang mga bagay tulad ng:

- Mga klase ng advance Placement
- Mga bantay sa mga tumatawid sa elementarya
- Mga paraeducator sa elementarya
- Mga elektibo
- Mga espesyalista sa suporta para sa mag-aaral ng elementarya
- Mga interbensyon
- Suporta sa tanggapan ng paaralan
- Kakaunting dami ng klase
- Propesyonal na pag-aaral ng tauhan
- Pandaigdigang wika

Pagbabawas ng badyet sa transportasyon ng 15%. Kabilang dito ang mga bagay tulad ng:

- Mababawasan ang bilang ng mga hintuan ng bus.
- Mga mag-aaral na sumasakay sa bus nang mas matagal sa bawat daan.

Makabuluhang pagbabawas ng badyet sa teknolohiya. Kabilang dito ang mga bagay tulad ng:

- Mas kaunting tauhang sumusuporta sa teknolohiya.
- Pagpapaliban ng pagpapalit ng device.
- Mas kaunting software application.

Pagbabawas ng  $\approx$ 18 pisikal, panlipunan, at emosyonal na mga posisyon ng tauhan ng suporta. Kabilang dito ang mga bagay tulad ng:

- Naka-classify na tauhan
- Mga tagapayo
- Mga nars
- Mga psychologist
- Mga manggagawang panlipunan

## Kaligtasan

Kabilang dito ang mga bagay tulad ng:

- Pagbabawas ng 15 tauhang pangseguridad.
- Pagtatanggal ng 3 opisyal ng mapagkukunan ng paaralan.
- Pagbabawas ng 24 na tauhan sa lugar, pagpapanatili at kustodiya.
- Pagbawas ng access ng komunidad sa mga gusali.

## Mga Palakasan at Aktibidad

Pagbabawas sa lahat ng ekstrakurikular.

Kabilang dito ang mga bagay tulad ng:

- Posibleng pagtanggap ng mga palakasan sa gitnang paaralan.
- Magbayad para makilahok sa mga palakasan sa mataas na paaralan.
- Magbayad para makilahok sa mga club, drama, o musika na inaalok sa mga araw na walang pasok sa paaralan.

## Espesyal na Edukasyon

May mga legal na kinakailangan tungkol sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon. Patuloy naming ibibigay ang lahat ng kinakailangang serbisyo para sa espesyal na edukasyon, kaya kakailanganin naming gumawa ng mga pagbabawas sa ibang bahagi.

## Pagkawala ng Kabuuang Pondo

Nakakatulong sa amin ang levy na maging kwalipikado para sa karagdagang pagpopondo ng estado at pederal na pamahalaan. Kung walang levy, mas malaki ang mawawala sa amin kaysa sa lokal na dolyar na buwis.

- \$21,000,000- Tinatanyag Pagpopondo ng Levy sa Suporta sa Paaralan sa 2025

Karagdagang Pagpopondo:

- \$600,000 - Tulong sa Lokal na Pagsusumikap

- \$8,000,000 - Tulong sa Matinding Epekto - Ginagamit para sa mga proyektong kapital lang.

## **\$29,600,000 - Pagkawala ng Kabuuang Pondo**

### Mga Programa sa Kaluwagan sa Buwis

#### **Para sa Mga Nakatatanda at May-ari ng Bahay na May Kapansanan**

Ang mga nakatatandang mamamayan o may-ari ng bahay na may kapansanan ay maaaring maging kwalipikado para sa mga programa para sa pagbababa ng kanilang mga buwis sa ari-arian. Maaaring makakuha ng mga tax break ang mga kwalipikadong nakatatanda sa pamamagitan ng pagboboluntaryo. Tumawag sa 360-662-1619 para sa karagdagang impormasyon sa pagboboluntaryo. Kung isa kang nakatatanda o may kapansanan at nakakatugon sa mga kinakailangan sa kita, maaari kang maging kwalipikado para sa pagkalibre sa buwis sa ari-arian mula sa county. Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagbubukod sa buwis sa ari-arian at mga programang pantulong, bisitahin ang Tanggapan ng Tagasuri ng County ng Kitsap o tumawag sa 360-337-7160.

### Paano nakakaapekto ang panukalang ito sa aking rate ng buwis?

Hindi ito isang bagong buwis. Papalitan ng panukalang levy sa balota ngayong Abril ang kasalukuyang levy, na malapit nang magwakas, sa o mas mababa sa kasalukuyang rate na \$1.50 bawat \$1,000 ng halaga ng ari-arian.

### Paano ako magpaparehistro para makaboto?

Hinihikayat ng CKSD ang mga mamamayan na bumoto. Kung hindi ka nakarehistro para bumoto, maaaring magparehistro nang personal ang mga bagong botante ng Washington sa Tanggapan ng Mga Halalan ng Kitsap County hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan. Maaaring magparehistro ang isang asawa ng militar para makaboto bilang isang residente nang hindi naaapektuhan ang "hindi residenteng militar" na katayuan ng iyong asawa. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Mga Halalan ng Kitsap County sa 360-337-7128.

### Ano ang nasa balota?

BILANG NG PROPOSISYON 1

PAARALAN NG CENTRAL KITSAP DISTRITO BILANG 401

**PAGPAPALIT NG LEVY PARA SA SUPORTA SA PAARALAN PARA SA MGA PROGRAMA AT OPERASYON SA PAGPAPA-UNLAD SA EDUKASYON**

Ang Lupon ng Mga Direktor ng Paaralan ng Central Kitsap Distrito Bilang 401 ay nagpatibay ng Resolusyon Blg. 09-23-24, tungkol sa pagpapalit ng magwawakas na levy para sa suporta sa paaralan. Kung maaaprubahan, magkakaloob ang panukalang ito ng pagpopondo para sa mga programang pang-edukasyon at operasyon na hindi pinondohan ng Estado sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa Distrito na ipataw ang mga sumusunod na labis na buwis sa lahat ng nabubuwisang ari-arian sa loob ng Distrito, lahat na nakasaad sa Resolusyon Blg. 09-23-24.

<b>Taon ng Koleksyon</b>	<b>Tinatayang Rate ng Levy Bawat \$1,000 Tinasang Halaga</b>	<b>Halaga ng Levy</b>
2025	\$1.50	\$21,000,000
2026	\$1.50	\$22,000,000
2026	\$1.50	\$23,000,000